

# 1

“Panyang!”

Gulantang na napalingon sa kanya ang lahat ng mga estudyante at gurong naroon sa library nang isigaw ng kung sinong herodes ang palayaw na ito rin ang nagbigay. Humalukipki siya sa librong binabasa at mahinang napamura. Kilalang-kilala niya ang boses na iyon.

“Pan—”

“Mr. Collantes! Ano’ng ginagawa mo diyan sa itaas ng puno? Bumaba ka nga riyan at iniistorbo mo ang mga estudyanteng nag-aaral dito,” galit na sita ng librarian sa guwapong binatilyong nakalambitin sa sanga ng mangga. Malapit lang ito sa nakaharap na bintana sa direksyon ni Tifa.

“Nand’yan po ba si Panyang?” nakangising tanong ng singkiting lalaki na kaagad nilibot ng tingin ang paligid. Wala itong pakialam sa katatalak ng librarian sa kalokohang ginagawa nito.

Napabuntong-hininga si Tifa. Kailangan na niyang umalis. Alam niyang hindi titigil si Rihan hangga’t hindi siya nito nakikita. Napatayo siya sa

upuan at maingat na tinungo ang labasan, dahan-dahan na parang pusang may iniwasan.

“Panyang!”

Mariin siyang napapikit nang makita na siya ng kababata. Nalingunan pa niya ang masigla nitong pagkaway sa kanyang direksyon. Napangiwi siya. Wala na rin siyang nagawa kundi lapitan ito sa bintana at humingi ng paumanhin sa librarian sa ginawa nito.

“Manood tayo ng playoffs. May TV naman si Aling Bebang diyan sa may kanto, please...”

Napasimangot siya, sabay krus ng kanyang mga braso sa dibdib. He was ridiculously cute with that naughty smile of his. Magkaganoonman, sa dami ng kalokohan nito, bawing-bawi ang paghanga niyang iyon.

“Bumaba ka na,” matipid niyang utos dito.

“P-pero—” nag-alangang sagot nito na inigihan pa ang pagpapa-cute para lang huwag niya itong pagalitan.

“Baba,” may pagbabanta niyang utos.

Tarantang napababa kaagad si Rihan sa puno ng mangga. Ilang estudyante ang nagtawanan sa

ikinilos nito. Dismayadong nagkamot ng ulo si Tifa. Maraming beses na niyang itinanong sa sarili kung bakit naging magkaibigan sila ng binatilyo gayong magkaibang-magkaiba sila ng pag-uugali.

Ang malala pa, gusto niya ito. Gustung-gusto, kaya naman kahit anong kalokohan ang gawin nito, palagi siyang naroon para depensahan ito at minsan ay sinasalo pa.

Sinalubong siya nito sa corridor, may ilang estudyante ring nagchichismisan sa isang tabi dahil recess naman. Kaagad itong napaakbay sa kanya.

Magkasing-tangkad lang sila ng binatilyong hayagang nagsabi na magiging basketball player daw ito paglaki. Matagal na itong pangarap ng kaibigan at kahit hindi naman matangkad, todo-suporta siya sa kung anumang hakbang nito para sa gusto.

“Replay na lang ang panoorin mo. Huwag ngayon, may klase tayo.”

Napapiksi ito. “Alam mo namang bawal na ang TV at computer sa amin after nine, di ba? Gabi ang replay. Sige na, ngayon lang tayo magka-cutting class,” pilit nito na hinila pa ang kamay niya.

Nagsalubong ang mga kilay niya sa tinuran nito at sa inis, binatukan pa niya.

“Gago ka! Mula unang taon natin sa high school hanggang mag-third year tayo, halos linggu-linggo kang nagyayaya ng cutting class. Sabihin mo nga, ngayon lang ba ’yon? Ha, Rihan?” Inilapit niya ang bibig sa tainga nito.

Pilyo itong nangiti. “Sasama ka sa akin o ipagkakalat ko ang matagal mong sekreto?”

Naalarma siya at hindi kaagad makasagot. “W-walang maniniwala sa ’yo.”

“Subukan natin,” hamon nito. “Hey, classmates!! Alam n’yo bang nag—”

Hindi na natuloy ng binatilyo ang gusto nitong ibuking sa kanya dahil mabilis na tinakpan ng kamay niya ang bibig nito, sabay hila rito papalabas ng gate ng academy. Sa huli ay natalo pa rin siya ni Rihan. Tawa ito nang tawa nang kaladkarin niya ito patungo sa tindahan ni Aling Bebang.

---

“Tifa, anak, halika nga muna rito at may bisita tayo!” sigaw ng ina niya mula sa labas.

Nakasuot pa rin siya ng uniporme kahit kanina pang hapon natapos ang klase niya. Nasa kuwarto siya at malalim ang iniisip. Hindi pumasok si Rihan

sa klase at hindi man lang ito nagpasabi. Bugnot siyang lumabas ng silid at magmamaktol pa sana nang mapagsino niya ang tinutukoy nitong bisita.

Si Doña Rita! Namutla si Tifa. Bigla ay naalala niya ang kalokohan nilang magkaibigan noong isang araw. Tiyak pagagalitan na naman siya nito dahil alam na ng mga magulang nila ang pagka-cutting class nilang dalawa upang manood ng playoff games ng *National Basketball Association* sa kalapit na tindahan sa paaralan.

Nilapitan siya ng ina nang mapansin nito ang pag-aalangan niyang mapalapit. Sa hitsura ng mukha nito, parang may malaki siyang kasalanan. Napalunok siya. Hinawi nito ang buhok niya at niyakap siya.

“Anak, kanina pang umaga nawawala si Señorito Rihan, alam mo ba kung nasaan siya?”

Namilog ang mga mata niya sa pagkabigla at kumalas sa pagkakayakap ng ina. Tiningala niya ito at napaligon sa ina ng kaibigan.

“Hindi ko po alam kung nasaan si Rihan ngayon, pero tutulong po ako sa paghahanap,” determinado niyang sagot na napatitig kay Doña Rita.

“Pero, Anak, gabing-gabi na. Delikado na sa mga bata ang lumakad,” paalala ng ama nang mapansin

nitong hinahanap niya ang tsinelas.

“Huwag po kayong mag-alala, Tay, alam niya ang pasikot-sikot sa hacienda at sa gubat. Hindi siya mawawala,” singit ng nakababata niyang kapatid.

“Mas mapapadali rin po ang paghahanap n’yo kapag kasama si Ate. Para siyang aso kung makaamoy kay Señorito Rihan,” natatawang kanyaw ng isa pa.

All the adults were bewildered at sa inis ni Tifa, binato niya ng tsinelas ang kapatid bago humakbang palabas ng kubo nila.

“A-Anak, mag-ingat ka. Sisigaw ka kapag may mangyari, ha?” nag-alalang bilin ng kanyang ina.

“Can you really find my son, Tifania?” nagdududang tanong ni Doña Rita nang malampasan niya ito sa pinto. Napangisi siya rito.

“Opo. Ihahatid ko po siya sa bahay n’yo kapag nakita ko na,” sagot niya bago tumakbo palayo.

Napasunod na rin kay Tifa ang ilan sa mga magsasakang nautusang maghanap sa nawawalang binatilyo.

---

“Shit!” sigaw ng labing-apat na taong gulang na

si Rihan nang tuluyan na niyang hindi maalala ang daan palabas ng gubat.

Ang balak niyang paglalayas kanina ay hindi naging madali dahil sa rami ng nagbabantay sa kanya. Kinailangan pa niyang sumuong sa kagubatan upang malusutan ang yaya at bodyguards. Masyado siyang sumuot sa kasukalan kaya hindi na niya alam ang dinaanan kanina.

Gusto na niyang maiyak. Madalas siyang nagtutungo sa gubat na iyon, pero laging si Tifa ang nauuna sa kanila dahil ito ang mas sanay sa pasikut-sikot doon.

Nanghihinang napaupo siya sa nakausling ugat ng acacia at humalukipkip. Almusal lang ang nakain niya at wala nang iba. Gabing-gabi na at gutom na siya sa kalalakad. Isali pa ang takot na bumalot sa kanyang sistema dala ng dilim. Tanging liwanag ng bilog na buwan ang gabay niya sa masukal na gubat na iyon.

Hindi naman siya magkakaganito kung hindi pa inanunsyo sa kanya ng ina ang paglipat ng buong pamilya sa Europa para roon na manirahan. Nagulat siya sa balita at nagpakatanggi sa ideya. Ayaw niyang umalis ng San Miguel. Gusto niya ang lugar at ang mga tao. At higit sa lahat, ayaw niyang iwan si Tifa.

“Rihan!”

Napamulagat siya nang maulinigan ang boses na iyon. Muli niyang narinig ang pagtawag nito. Kaagad siyang napatayo at nabuhayan ng pag-asa.

“Panyang!” Ibinuhos niya ang buong lakas upang isigaw ang pangalan ng kababata.

“Rihan? Nasaan ka ba?” pasigaw na sagot nito na ramdam niya ay napakalapit na sa direksyon niya.

“Nandito ako sa acacia!”

Hindi na muli pang sumagot si Tifa kaya abut-abot ang kaba ni Rihan na baka naligaw na rin ito. Nakaramdam siya ng takot na baka napahamak na ang kaibigan sa paghahanap nito sa kanya. Gusto niyang mapahikbi ngunit tinatagan niya ang sarili. Nagdesisyon siyang umusad sa kinalalagyan. Nakakailang hakbang pa lamang siya nang makita ang pagsulpot ng pigura ni Tifa sa malagong damuhan. Maang siyang napatitig dito.

Isang malakas na sampal ang ibinigay nito sa kanya bago pa man niya mabanggit ang pangalan nito. Akmang sisinghalan niya ito sa kapangahasan nang makita niya itong umiiyak.

“Ano ba’ng pumasok sa utak mo?” singhal nito



sa kanya sa pagitan ng paghikbi.

Rihan was stunned to see her crying. Hindi siya makapagsalita sa halu-halong emosyong bumangon sa kanyang dibdib. Patuloy naman sa pag-iyak ang dalagita sa harap niya. Ilang sandaling binalot sila ng katahimikan nang mapasinghot ito at tumikhim.

“Mabuti naman at walang nangyaring mas—”

“Hindi ako aalis, Panyang. I won’t leave you,” deklara niya pagkatapos niya itong yakapin nang mahigpit.

Nanatili sila sa ganoong posisyon nang ilang segundo bago siya itinulak ni Tifa.

“A-ano ba’ng pinagsasabi mo?”

Napabuntong-hininga siya at napaupo sa ugat.

“Gusto ni Mama na doon na kami sa Europe manirahan. Pero sasabihin ko kay Papa na magpapaiwan na lang ako. Nandito naman si Yaya.”

“B-bakit ka magpapaiwan? Di ba matagal mo nang gustong bumalik ng London?”

“Noon iyon. Iba na ngayon. I can’t leave you,” magaan sa loob na pahayag niya at nilakipan pa iyon ng matamis na ngiti.

“T-tara na nga’t umuwi. K-kanina ka pa hinahanap ng nanay mo sa amin. Akala ko pagagalitan ako sa pagka-cutting class natin kahapon.”

Ni hindi ito tumingin sa kanya at paika-ikang naglakad pabalik sa dinaanan nito kanina. Doon lang napansin ni Rihan ang sugat nito sa kaliwang tuhod. Madilim ang anyong nilapitan niya ang kaibigan at walang paalam na kinarga ito. Sa gulat ay napatili pa ito na minsanan lang niyang naririnig. Natawa siya.

“Marunong ka palang tumili? Isa pa nga,” tukso niya.

“Ulol! Dalian mo nga ang paglalakad nang makauwi na tayo. Tuturuan na lang kita kung saan dadaan,” anito na umiiwas pa rin ng tingin.

Matapos ang ilang pasikut-sikot ay nakalabas sila ng gubat. Kaagad silang sinalubong ng mga magulang at mga katiwala ng mansyon, kaya hindi na nagawa pang makapagpaalam nang maayos ni Rihan kay Tifa. Ngunit ipinangako niya sa sarili na babawi sa kaibigan kinabukasan. Hatid niya ito ng tingin habang karga-karga ng ama nito papauwi.

---

Nang sumunod na araw ay hindi inaasahan ni Tifa ang biglang pagbisita ulit ni Doña Rita sa

kanilang kubo. Mag-isa lang siya roon dahil napilitan siyang mag-absent sanhi ng tinamong sugat sa tuhod. Nasa sakahan ang mga magulang niya.

“Hindi ko na patatagalin ang pag-uusap na ito, Tifania. Gusto kong humingi ng pabor sa 'yo.”

“P-po? Ano po iyon?”

“Ikaw lang ang pinapakinggan at sinusunod ng anak ko, kaya kung p'wede ay sabihin mo sa kanyang sumama na sa amin sa London.”

Manghang binalikan niya ng tingin ang doña nang magyuko siya ng ulo. Taranta siyang napailing.

“W-wala po akong kakayahang pangunahan si Ri—”

“Gusto mo bang magmakaawa pa ako, Tifania?” Aktong may gagawin ang kausap ngunit kaagad niya iyong pinigil.

“T-teka, teka po. Gagawin na po, Doña Rita.” Iyon na lamang ang nasabi niya kahit labag sa kalooban niya ang gagawin.

Nang lisanin nito ang kubo nila, naiwang tulala si Tifa sa kanilang sala. Napaiyak na rin siya nang mapagtanto ang bigat ng desisyon niya sa harap ng ina ni Rihan.

Nang bumisita ang kababata kinahapunan ay kaagad niyang tinupad ang naipangako sa ina nito. Litong napalapit ito sa kanya nang kumbinsihin niya ang kaibigan sumama sa mga magulang.

“Bakit? Ayaw mo na ba akong makita kaya gusto mong sumama na ako sa kanila?” May pait sa tono nito nang komprontahin siya.

Nagkaroon ng bikig ang kanyang lalamunan at matagal bago siya nakasagot. Iniwasan niyang tingnan ito upang maisatinig ang kanyang napagpasyahan.

“A-ano ka ba? Hindi ganoon, Rihan, kaya lang mas makakabuti sa ’yo kung doon ka na tumira sa London. Marami silang pampatangkad doon.”

Iwas na iwas si Tifa na magtama ang mga mata nila ng kababata. Tahimik at madilim ang anyo nito habang nakaupo sa tabi niya. Kung hindi pa lang siguro siya sanay na pigilin ang iyak, kanina pa siya napaluha sa sakit na dulot ng ideyang malalayo na sa kanya ang kababata.

“Gusto mo ba talaga akong umalis, Panyang?”

Hirap siyang isatinig ang pagsang-ayon. Bagkus, marahan siyang tumango at nagyuko ng ulo. Hindi na niya napigilan ang maiyak. Batid niya ang lungkot sa boses ni Rihan nang magpaalam ito sa kanya. Ngunit

nakakailang hakbang pa lang ito ay binalikan siya ng tingin.

“I will leave but I want you to promise me one thing.”

“Ano iyon?” Natigil na rin siya sa pag-iyak.

Malungkot na ngiti ang isinukli sa kanya ng binatilyo.

“Kapag nagkita tayo ulit, promise you’ll do anything to make it up for the lost time.”

Mabilis na tumango siya bilang tugon. “Oo naman. Makakaasa ka, Rihan.”

Marahan itong natawa saka napakaway. Hatid niya ng tingin ang papalayong kaibigan hanggang sa hindi na niya ito makita. Doon pa lang ay gusto na niya itong pigilan sa pag-alis, ngunit hindi niya maigalaw ang mga paa upang tumakbo para habulin ito. Naiwan siyang hindi matinag sa kaiiyak.

Sa sumunod na linggo ay hindi na niya nakitang pumasok sa paaralan si Rihan. Abala ang mga ito sa pag-aasikaso sa nalalapit na pag-alis. Sa tuwing naitatanong niya ang kalagayan sa kanyang ama, matipid ang sagot nito sa kanya. Na malungkot si Rihan sa napipintong pag-alis nito. Isang bagay na

sa simula pa lang ay alam na niya.

Mahal na mahal nito ang San Miguel. Iyon ang dahilan kung bakit ayaw umalis ng binatilyo. At gusto niya ring umasa sa mga sinabi nito sa gubat, na gusto nitong manatili sa San Miguel dahil sa kanya.

Sa araw ng pag-alis ng mga Collantes, nagkulong si Tifa sa kuwarto niya. Ayaw niyang makita siya ni Rihan na namumugto ang mga mata dahil sa kaiiyak. Iyon ang naging pambayad niya sa pagsisinungaling dito.

## 2

*Twelve years later...*

“Rihan, Son! How are you?”

Batid niya ang pag-aalala ng ama sa tono ng boses nito sa kabilang linya. It'd been ages since the last time they talked. And the man that he was right now, nakatulong sa kanya ang pagtawag dito.

Isang malungkot na ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi at napasandal sa bintana ng kuwarto niya. Mag-iisang linggo na siyang hindi lumalabas doon at dinadalhan na lang ng pagkain ng mga katulong. Nasa sistema pa rin niya ang epekto ng kinasangkutan niyang eskandalo.

“I'm bored, Dad. And mad. Pinahiya ako ni Larah sa publiko sa nangyari.” Hindi sumipot ang babae sa simbahan sa araw ng kanilang kasal kaya masama ang loob niya.

“I know, Son, I know. Bakit hindi ka na lang muna umuwi dito sa England nang makaiwas ka sa mga usap-usapan?” suhestiyon ni Don Ronaldo na pilit pinapasigla ang usapan.

“Hindi p’wede, Dad. We’re up for the finals this month.”

“Oh, all right. Hayaan mo, uuwi ako para makapanood ng laro mo. God, I wish I was there.”

Natawa siya sa tinuran nito. “Relax, Dad, I’m fine. I just don’t feel like going out for the meantime.”

Sandaling natahimik ang ama niya bago ito muling nagsalita.

“Bakit kasi pumayag ka sa sulsol ng mama mong magpakasal ka? Mahal mo ba talaga si Larah? You don’t seem heartbroken to me. You sound aggravated sa pagkapahiya mo sa publiko.”

Biglang-bigla ay natawa siya. Parang isang malaking tinik ang nabunot sa kanyang dibdib nang mismong ama na niya ang nagsalita sa totoong saloobin niya.

“C’mon, Dad. Ginawa ko lang naman iyon because I thought the ties among the Gutierrezes will make our company sturdier and influential. It was all for business’ sake.”

Maging si Don Ronaldo ay napatawa. “Are you throwing your life away just because of business?”

Napabuntong-hininga siya. “I don’t really



mind, Dad. I'm tired of the girls in the city. Hindi ko mahanap sa kanila iyong gusto ko. And Larah was Mom's choice," wala sa sarili niyang tugon.

Biglang-bigla, isang pamilyar na mukha ang rumehistro sa utak niya nang sabihin iyon. Isang batang babaeng may pares ng magagandang mata.

Napatanaw siya sa malayo. Naalala niya ang kaibigan niyang nasa San Miguel.

"Son, you really are a mess without that little girl beside you."

Na-drain lahat ng inis niya sa sitwasyon nang banggitin nito iyon. He let out a sigh. Hinimas niya ang kanyang noo.

"Bakit hindi ka bumalik sa San Miguel and tell that problem to that girl? She knows you very well kaya siguradong she'll cheer you up."

"I... I'll think about it, Dad. Thanks."

Ilang minuto na ang nakalilipas mula nang matapos ang pag-uusap ng mag-ama. Naalala ni Rihan ang kanyang kababata at hindi niya napigilan ang pagguhit ng ngiti sa kanyang mga labi.

Binalingan niya ang cellphone at may tinawagan.

“Fort, ako ito,” aniya nang sumagot ang taong nais niyang kausapin.

Sa kabilang linya ay nataranta si Fort Buendia, ang manager ng basketball team na kinabibilangan ni Rihan. Ito ang unang beses na nakipag-usap dito ang manlalaro matapos ang naunsiyami niyang kasal noong nakaraang linggo.

“Rihan. Mabuti naman at tumawag ka. May maitutulong ba ako?” Hindi siya nito matiyempuhan kapag nagpupunta ito sa bahay niya o kaya ay tumatawag. Kung hindi siya naglalasing, madalas ay tulog siya kapag binibisita siya nito.

“Oo, may gusto akong ipagawa sa 'yo. Convince Panyang to be my personal assistant for a month,” walang kagatul-gatol niyang deklara.

Sa kabilang linya, nagsalubong ang mga kilay nito. Si Panyang? Ang babaeng madalas maikuwento ni Rihan noong nagsisimula pa lang ang career nito sa *Philippine Basketball Association*?

“Si P-Panyang?” maang na ulit na manager na isinulat ang pangalan sa memo pad.

Natawa siya nang mahina. “Find her, Fort. I’m sure papayag siya kapag nabanggit mo pangalan ko.”

“You seem confident about it.”

“Of course, that girl will eventually come to me. I have a plan,” pahayag ng basketbolista, klarung-klaro ang boses at wala ni katiting na biro. “I’m a sad man, Fort. The least thing you can do is help me with this little favor I’m asking.”

“Give me three days, I’ll find Panyang for you. As long as you get to play in the finals,” tugon nito.

“Deal.”

---

Inis na napasabunot sa buhok si Tifa nang maubusan siya ng matitipang salita sa laptop niya. Nasa kalagitnaan siya ng pagsusulat nang basta na lamang siyang napatanga at naalala ang first love niya. Maganda iyong basehan ng isang love story, if only she got the boy.

Hindi siya maaaring maging distracted lalo na ngayon at papasikat pa lang ang pen name niya sa industriya ng pagsusulat. Matagal na niyang pangarap iyon at ngayon nga ay malapit na siyang magtagumpay sa piniling propesyon, there was no room for reminiscing the bitter part of her past. Ang kailangan niya ay concentration.

Aktong titipa na siya sa keypad ng aparato nang tumunog ang cellphone sa tabi niya. Sa gulat niya ay muntik na siyang mapatalon sa kalapit na bean bag. Natigilan siya at nagtaka. Dis-oras ng gabi at may nag-abala pang tawagan siya. Kumunot ang kanyang noo. Inabot niya ang telepono at walang atubiling sinagot iyon.

“Tifa speaking,” tinatamad niyang bungad sa kabilang linya.

“Tifania Lacsamana?” tanong ng nag-aalangang boses mula sa kabilang linya.

Natigilan siya. Napalitan ng kaba ang kanina pang inaantok niyang anyo. “Bakit alam mo ang pangalan at number ko?”

“I don’t mean any harm. I... I just need your help.”

Napaarko ang kilay niya at lalo lang nalito. Kaagad niyang sinuri kung nakarehistro ang number sa phonebook niya, ngunit numero lang nito ang nakita niya sa screen. Tuloy, nakaramdam siya ng kaunting kaba sa sitwasyon.

“S-sino ka ba?” untag niya na itinago ang takot na unti-unting lumukob sa kanyang katauhan.

“I’m Fort Buendia, manager ni Rihan Collantes.”

Daig pa niya ang sinigawan nang pagkalakas-lakas sa puno ng kanyang tainga nang marinig ang pangalan ng lalaking nabanggit. Napalunok si Tifa at napabalik ang tingin sa screen ng laptop. Halos ma-delete na niya lahat ng input niya sa pagkabigla.

“A-ano’ng kailangan mo?”

---

Suot ang simpleng itim na jacket at denim shorts, pumayag si Tifa na makipagkita kay Fort. Naalarna siya nang banggitin nito sa telepono ang matagal ng utang ng mga magulang niya sa pamilya Collantes mula pa noong nag-aaral siya. Iyon ang dahilan kung bakit siya nito napapayag na makipagkita rito.

Bagaman excited, naroon pa rin ang kaba at pagdududa sa binabalak ni Rihan sa kanya. Alam niyang alibi lang nito ang utang nila. Naalala niya ang naipangako niya rito. Malakas ang kutob niyang may kinalaman iyon sa nangyayari.

Kilala niya ito sa pagiging pilyo at weirdo. She just thought he was up for something.

Hindi na nagpatumpik-tumpik pa ang manager ng binata. Kaagad nitong inilatag sa kanya ang

gusto nitong mangyari. Tahimik lang siya habang ipinapaliwanag nito sa kanya ang gustong mangyari ng basketbolista. Hindi niya napigilan ang isang kilay niya na mapaangat sa mga kondisyon. Tila napansin iyon ni Fort kaya kaagad itong kumambyo.

“I know I’m offering you a ridiculous deal but as you can see, Miss Lacsamana, I am a desperate man here.”

Nangalumbaba si Tifa at tinitigan ang tensyonadong mukha ng kausap.

“Kapag ba pumayag akong maging alalay niya, magiging quits na iyong pagkakautang ng mga magulang ko sa ama niya at sa hacienda?”

Nakita niya ang paglunok nito bago nag-iwas ng tingin. Para bang hindi ito komportable sa ipinapagawa ni Rihan dito bilang kondisyon sa deal na iyon.

“Iyon ang s’abi ni Rihan. Pero kung wala kang tiwala sa kanya, magpapahanda ako ng kontrata. Ang mahalaga ay magkita na kayo at matigil na ang kahibangan niya.”

Kumunot ang noo niya sa sinabi nito. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

Isang mahabang buntong-hininga muna ang pinakawalan ni Fort bago nito ikinuwento sa kanya ang nangyari. Tahimik lang siyang nakinig dito hanggang sa mabanggit nito ang naging headlines sa mga lifestyle pages ng mga diyaryo noong nagdaang araw.

“Kung meron lang akong ibang p’wedeng i-bribe kay Rihan, pipiliin kong huwag ka nang idamay pa, Miss Lacsamana.”

Napabuntong-hininga siya sa huling sinabi nito. “As if naman may choice rin ako.”

Ngiti ng isang pagod na tao ang nakita niya sa mukha nito. Alam niyang napasubo lang din ang kausap sa sitwasyon. Wala naman talaga siyang choice dahil wala na siyang sapat na pera para magbayad sa utang na tinutukoy nito.

---

Nakangiting sinilip ni Rihan ang mga bagong dating mula sa bintana ng kanyang kuwarto. Ang may kasingkitan niyang mga mata ay tila nangiti rin nang mamataan ang pamilyar na pigura ng isang petite na babae na nakabuntot kay Fort habang papasok ang mga ito sa malaking gate ng mansyon.

Kaagad niyang tinungo ang hagdanan. Minsan pa

niyang hinawi ang buhok at natawa. Para pa siyang nanibago dahil matagal na panahon na rin nang huli siyang mangiti nang ganito. Tinitigan niya ang repleksyon sa glass wall nang mapadaan siya doon. Hindi niya maiwasan na suriin ang sarili. Doon ay napangiwi siya.

*I still can't believe Larah dumped me, naiiling niyang naisip saka napabuntong-hininga. Ngunit sandali lang namayani ang kalungkutang iyon dahil sumilay na sa ekspresyon ng mukha niya ang isang pilyong ngiti. Tifa Lacsamana, I've waited this long to see that look on your face.*



# 3

Well-ventilated ang malaking mansyon ng mga Collantes sa Alabang. Naglalakihang French windows, berdeng-berdeng hardin na katabi lang ng terasa. Magkaganoonman, malamig na pawis ang namuo sa noo ni Tifa nang makaapak na siya sa teritoryo ni Rihan. Hindi halos magkamayaw ang mga mata niya sa pagtitig sa bawat parte ng kabahayan. Tila naging realidad ang mga description niya sa settings ng mga eksena sa mga ginagawang nobela! Napalunok siya sa pagkamangha.

Matagal na niyang alam kung gaano kayaman ang pamilya Collantes, ngunit doon lang yata niya napagtantong napakalayo talaga ng agwat nila ng kababata. Natuon siya sa bangayan nila at nakakatuwang alaala kaya hindi na niya naisip iyon noon. At masyadong nang obvious iyon ngayon. Nakaramdam siya ng kaunting paninibugho sa napagtanto. Laglag ang mga balikat na sinundan niya si Fort hanggang sa sala ng bahay.

“Ilang dangkal lang ba ang itinangkad mo mula n’ung huli tayong magkita, Panyang?”

Muntik nang mapatalon sa gulat si Tifa. Daig pa

niya ang binulaga ng ahas sa harapan sa tindi ng kaba niya nang marinig ang pamilyar na boses na iyon. Alertong-alerto ang bawat himaymay ng katawan niya nang magtama ang mga paningin nila ng binata.

Rihan's presence was all over the place! At dahil doon ay unti-unting nawalan ng lakas ang mga tuhod niya habang nakatayo sa harapan nito.

Tall. Fair. And devastatingly handsome. Ang pagiging one-fourth British nito ang siyang nagpalala ng kakisigan nitong taglay. Dahan-dahan niyang itinaas ang paningin hanggang sa mukha ng lalaki. Ang malago nitong buhok na alagang-alaga sa lambot nitong tingnan ay halos umabot na sa balikat nito na siyang nagkumbinsi kay Tifa na parang hindi nga ito nakapag-ayos ng sarili sa ginawang pagmumukmok. May bigote na ring nakapalibot sa bibig nito.

Hirap siyang makahinga nang subukan niyang titigan ang kababata sa mga mata. Tila napansin nito ang kakatwa niyang ikinilos, kaya napalapit pa ito sa kanya. At nang mangiti ito, parang gusto na niyang tumalilis ng takbo palabas ng mansyon.

*Bakit ang guwapo niya?* natitilihang sigaw ng utak ni Tifa saka napakapit nang mabuti sa laylayan ng printed shirt na suot.

Napapiksi siya. Hindi pa man niya nasisimulan ang trabaho, lumalabas na ang tunay niyang motibo sa pagpayag sa set-up. Kinastigo niya ang sarili at humugot ng lakas.

“Tumangkad ka nga pero asal-bata ka pa rin,” balik niya sa binata, sabay hinarap ito nang nakataas-noo. She even forced a smirk.

Kinakitaan ng amusement ang guwapong mukha nito nang mapatitig sa mukha niya. Bigla tuloy siyang na-conscious pero hindi siya nagbaba ng tingin. Bagkus, lalo pa siyang nakipagtagisan ng tingin dito. Ganito siya nakilala ni Rihan. Cold and snob. Dapat ganoon pa rin siya sa mga mata nito. Or else...

Humakbang ito papalapit sa kanya at inalayan siya ng pilyo nitong ngiti. Wala siyang mabasa ni katiting na ideya sa ekspresyon ng mukha nito. Iyong ngiti lang nito na abot hanggang mga mata ang kislap.

Sa pagkabigla, napaatras si Tifa sa kinatatayuan. Kasabay niyon ay ang pamumula ng kanyang mga pisngi at ang mainit na pakiramdam na naglakbay sa buo niyang sistema. Dahan-dahan na siyang tinatraydor ng sariling damdamin. Wala pa ngang ilang minuto ang nakalipas, binigyan na niya si Rihan ng rason para pagtawanan siya.

“I have to rest, Tifa, Rihan. Can I go home?” singit ni Fort na halata sa boses ang stress at exhaustion sa ginawa nitong paghahanap sa dalaga.

Magkasabay na nilingon ng magkababata ang lalaki. “Thanks, Fort.”

Umarko ang kilay ng manager sa nangyaring pagsasabay nila sa pagsagot. Maging si Tifa ay nabigla at kaagad na napatingala kay Rihan. Nanatili itong nakangiti. Na parang gago.

Napatikhim si Fort nang mapansin nito ang tensyon sa pagitan ng dalawa. Nang makuha ang atensyon nila, nagpaalam na ito at umalis.

Nang nawala na ito sa kanilang mga paningin, nagsimulang mangatog ang tuhod niya sa kaba. She was finally alone with her first love. Nag-iwas siya ng tingin at napabaling sa hardin. Kaharap lang iyon ng sala.

“Nabanggit ba sa ’yo ni Fort ang nangyari sa akin noong nakaraang linggo?”

“Iyon bang pang-iindyan sa ’yo ng bride mo sa kasal n’yo?” Kunwari ay wala siyang pakialam, pero ang totoo ay nakaramdam siya ng awa sa sinapit nito. Inilibot niya ang paningin sa paligid upang ikubli ang simpatya niya.

Marahan itong natawa na para bang gusto nito ang tono ng pagsagot niya. Napangiwi siya. Inasahan na niya ang mga ganoong reaksyon mula rito.

“Funny, right? But anyway, I’m glad you’re here. Doon tayo sa pool magkuwentuhan. Magpapahanda ako ng merienda,” anito na walang babalang inabot ang kamay niya at hinila siya patungong garden.

Parang manikang nagpadala siya rito at nadatnan na lamang ang sariling na nakatanga sa guwapong mukha ni Rihan. Mabuti na lamang at nasa mga katiwala ang atensyon ng huli. Nag-utos itong ipaghanda sila ng pagkain.

Kung titingnan sa simula, maayos at pormal ito. Mukhang harmless din. Pero ang totoo ay para itong demonyito kung makaplano ng pang-iinis. Palibhasa, bunso ng mga Collantes, nasanay itong hinahayaan sa kung anong magustuhang gawin. Hindi katulad niya na kalkulado palagi ang dapat gawin dahil pangalawa siya sa anim na magkakapatid at siyang inaasahan ng pamilya mula nang mabuntis ang ate niya.

“Mahilig ka pa rin ba sa marshmallows, Panyang?” untag ng binata sa kanya sa kalagitnaan ng pagmumuni-muni niya.

“H-ha? Ah, o-oo.”

Muli nitong kinausap ang katiwalang nakaabang. Nanatili siyang nakatitig dito.

*Napakaguwapo pa rin niya*, kausap niya sa sarili, sabay hagod ng tingin sa almost perfect physique ng lalaking nakatayo ilang metro mula sa kanya. Nasa posisyon lahat ng muscles nito sa katawan. Dala na siguro ng palaging pag-eehersisyo, practice at actual basketball games nito magmula pa nang magbalik ito mula Europe walong taon na ang nagdaan. Nangalumbaba siya sa maliit na mesa sa hardin.

Nang minsang nagbabasa siya ng diyaryo ay nalaman niya ang tungkol pagbalik nito sa Pilipinas na hindi kasama ang pamilya. Nabanggit nito ang kagustuhang maging independent kaya ito nagbalik. Ganoon din ang kagustuhan nitong sumali sa liga ng mga professional basketball players ng bansa. It was a bold declaration that he stood by when he was drafted as one of the players of a *PBA* team.

Bukod sa balitang iyon, wala na siyang narinig pang personal na bagay patungkol dito. Nakokontento na lamang siya sa panood ng laro ng binata sa *PBA*. Matagal silang nawalay sa isa't isa kaya naman nalungkot siya sa nalamang naudlot ang kasal nito.

“What’s with that sad smile? Nakikisimpatya ka ba sa nangyari sa akin? ”

Nagitla si Tifa sa biglang pagsulpot ni Rihan sa tabi niya. Ilang minuto na ba siyang tulala at hindi na niya napansin ang paglapit nito? Namataan niya itong nakaupo na sa tabi niya at tila kanina pa siya pinagmamasdan.

Animo sinilaban ng apoy ang magkabila niyang pisngi nang mapansin niya kung gaano kalapit ang mukha nito sa kanyang mukha. Nag-effort pa talaga itong yumukod para gawin iyon. Another trick na ikinatuliro ni Tifa. Tinapunan niya ito ng masamang tingin upang itago ang malapit nang mabuking na damdamin niya para rito.

“You don’t have to know. And please stop calling me ‘Panyang’, that’s not my nickname.”

“Geez, Tifa. People say you’re such a bore, pero bakit natutuwa ako kapag ikaw ang kasama ko?”

“M-malay ko sa ’yo,” taranta niyang sagot at pigil ang sariling huwag bigyan ng kulay ang tinuran nito.

Napalitan ng kakatwang ekspresyon ang kaninang inis na mukha ng dalaga. Hindi niya napaghandaan ang atakeng iyon ni Rihan. Malay ba niyang iyon ang sasabihin nito? Hindi na niya naitago pa ang pamumula ng mga pisngi nang ito mismo ang nag-angat ng mukha niya paharap dito.

“How have you been, Panyang?”

“Ayos naman. Nagulat lang ako nang sabihin ni Fort na naging miserable ka na daw. In fairness, n curious ako. Isa pang bagay iyong tungkol sa utang ng mga magulang ko sa inyo.” Napatingin siya sa malayo. Ayaw niyang makita nito ang katibayan ng pagsisinungaling niya. Sandaling katahimikan ang namagitan sa kanila bago niya ito narinig na nagsalita.

“Iyong utang lang ba talaga ang ipinunta mo dito?”

Nilingon niya ito at naabutan pang nakatitig sa kanya. Para siyang nakalutang sa hangin sa klase ng pagkagiliw na nakita niya sa mga mata nito.

“Hindi ko alam kung ano ang binabalak mo, Rihan, pero sasabayan ko ang trip mo. Malaki-laking pera din ang nakataya dito. Ano ba naman ang isang buwan na pagsisilbi ko bilang personal assistant mo? Sisiw.”

Natawa ito nang malakas sa huling sinabi niya.

Tuloy, parang gusto niyang pagsisihang lumabas pa iyon sa kanyang bibig. But she stayed firm, tagungtago ang hesitation sa kalooban niya.



“What was that laugh for?” untag niya nang di rin makatiis.

Umiling-iling ang binata. “Na-excite lang ako sa sisiw.”

Napangiwi siya sa sagot nito at umirap. Muli niya itong narinig na tumawa.

*Tawa ka d’yan, wala namang nakakatawa sa sinabi ko,* tahimik niyang maktol, salubong ang mga kilay.

“Ipinahanda ko na kay Manang ang magiging kuwarta mo.”

Tahimik lang siya. Parte iyon ng napag-usapan nila ni Fort. Oras-oras niyang babantayan si Rihan upang siguruhin na hindi ito gagawa ng ikapapahamak nito. Or rather, kailangan palagi dapat siyang nasa tabi nito para sa anumang ipag-utos ng kababata. Pero batid na niyang mahirap i-accomplish ang bagay na iyon. Ilang minuto pa nga lang niyang kaharap si Rihan ay parang isang araw na ang lumipas. Naisip tuloy niya kung gaano ba katagal ang isang buwan sa kamalayan niya, knowing that he was just around the corner.

Natapos na silang magmerienda. Pareho silang tumayo bilang senyas na tapos na rin ang kanilang

pag-uusap.

“Don’t worry, Tif. Mabait pa rin ako. I won’t harass or enslave you. I just need you to be close.”

Nagitla siya. Nakaalis na si Rihan pero hindi pa rin siya natinag sa kinatatayuan niya. May kung anong fondness ang lumakip sa tono nito na siyang dahilan para hindi siya makasagot kaagad. Muli siyang nakaramdam ng panlalambot. Dama niyang inuunti-unti ni Rihan ang pagpapalambot nito sa barikadang ginawa niya sa paligid ng kanyang puso. Buti na lang may utak siyang kontrabida. Mariin niyang ipinikit ang mga mata upang iwaksi ang ideyang iyon.

*Self-discipline is a must, Tifania. Pagpipigil! Ang hirap gawin! naiiyak niyang kausap sa sarili.*

---

Bagsak sa malaking kama ang katawan ni Tifa pagkatapos niyang maglipat ng gamit sa inihandang kuwarto ni Rihan para sa kanya nang sumunod na araw. Katabi lang ito ng silid ng binata sa ikalawang palapag. Malaki ang espasyo at may sariling flat screen TV na nakasabit sa kaharap na pader ng kama. Tutol siya roon ngunit wala na rin siyang nagawa nang maalala ang pinirmahang kontrata.

Napanatili niya ang record bilang loser sa bawat duwelo nila ng kababata. Palaging ito na lang ang nananalo. Napasubsob siya sa malambot na unan saka napasigaw nang malakas.

“Exhausted, Panyang?”

Awtomatikong napaupo ang dalaga nang maistorbo siya ng boses na iyon. Ang kaninang nanlalatang kalamnan ay buhay na buhay ulit nang maulinigan si Rihan. Namataan niya itong nakasandal sa pinto ng kuwarto niya at ngiting-aso habang nakatingin sa kanya. Naging eratiko ang pintig ng puso niya nang masilayan ang ngiting iyon.

Walang sinabi ang mga modelo ng mga sikat na shirt labels sa gandang lalaki ni Rihan. Kahit sa simpleng checkered Bermuda shorts at manipis na sando, lutang na lutang pa rin ang karisma nitong nanlalamon ng buhay na tao. Tulad niya.

Tuyung-tuyo ang lalamunan niya nang mapansin ang muscles nito sa magkabilang braso. Hindi masyadong bulky pero hindi rin plain at patpatin. She was almost drooling. Napakaperpekto ng binata sa mga mata niya.

Nahinto lang siya sa kahungkagang naisip nang tabihan siya nito sa kama. May ibinigay itong

kapirasong papel at *iPad*.

“Listahan iyan ng mga cancelled activities ko noong nakaraang linggo. I want you to fix it for me. You can use that *iPad* para ma-organize lahat.”

Napakurap si Tifa nang marinig ang sinabi nito.

“Kailan mo ba balak simulan lahat ng ito?” kaswal niyang tanong, sabay sipat sa papel.

Natahimik sandali si Rihan bago ito muling nagsalita. “Sinabi ni Fort as soon as possible.”

Napatango siya. “Okay, let’s start with your practice ngayong hapon.”

Nakita niya ang pagkabigla nito sa bilis ng sagot niya. Tila hindi rin nito napaghandaan ang desisyon niya patungkol sa schedule nito.

“T-teka, hindi ba p’wedeng buk—”

“As soon as possible, di ba? Maaaring naging careless ako sa pagpirma ng kontrata, Rihan, pero sigurado akong isa lang ang dapat maging goal ko. And that’s to make you play your best for the finals.” Inunahan na niya ang binata sa pagprotesta nito.

Napangiti siya nang mapansin ang gusot na mukha ng kausap. Alam nitong hindi siya marunong

magbiro sa mga ganoong bagay.

Ang sarap ng pakiramdam niya dahil sa unang pagkakataon pagkalipas ng maraming taon ay nagawa niyang mapasimangot ang kababata. Napatayo siya at tahasang hinila ito papalayo sa kanyang kama. Bagay na pinagsisihan niya nang maramdaman ang libu-ibong boltahe ng kuryente na nanulay sa bawat himaymay ng kanyang kalamnan sa pagkakadaiti ng kanilang mga balat. Magkaganoonman, hindi niya ito binitawan. Bagkus, itinulak niya ito papalabas ng kuwarto niya.

“May dalawang oras ka pa para maghanda, Rihan. Out now,” utos niya rito at walang lingon-likod na pinagsarhan ito ng pinto.

Nanghina ang buo niyang katawan nang mapasandal sa pinto. It was a mix of pleasure and torture sa tuwing nagkakalapit sila ni Rihan. Napailing siya. Ang tanging dalangin niya ay sana huwag nitong mahalata ang damdamin niya para rito.